

Sa lahat ng mga teknikal intern trainees

Gamitin natin ang taunang bayad na bakasyon!

Ano ang taunang bayad na bakasyon?

- Ang taunang bayad na bakasyon ay bakasyon na binabayaran. Ito ay isang karapatang ibinibigay sa manggagawa ayon sa ipinatupad ng batas.
- Kung lumipas na ang anim na buwan simula ng ikaw ay nag-trabaho at ang araw na ipinasok mo ay 80 porsiyento o higit pa, magagamit mo ang taunang bayad na bakasyon. Pareho ito kahit sa mga Hapon o mga teknikal intern trainees.



Gaano ang ibinibigay na taunang bayad na bakasyon?

- Ang taunang bayad na bakasyon ay ibinibigay depende sa taong ipinagta-trabaho.

Taon nang pag-tatrabaho	0.5 yr.	1.5 yrs.	2.5 yrs.	3.5 yrs.	4.5 yrs.
Bilang ng bakasyon	10 araw	11 araw	12 araw	14 araw	16 araw

Upang makagamit ng taunang bayad na bakasyon

- Kailangan na ipaalam ng maaga kung kailan gagamitin ang taunang bayad na bakasyon.
- Hanggat maaari, sabihan ng maaga ang pinagtrabahuang kumpanya.

Ano ang mangyayari kung nag-absent sa trabaho at ginamit mo ang iyong taunang bayad na bakasyon?

- Hindi mababawasan ang sahod mo. Babayaran ang sahod mo ayon sa nakalagay sa kontrata.

Sa ganitong pagkakataon, ano ang gagawin?

- Tinanggihan akong bigyan ng taunang bayad na bakasyon ng kumpanyang nagpapatupad ng pagsasanay. Binawasan ang sahod ko dahil ginamit ko ang taunang bayad na bakasyon. Nakatanggap ako ng hindi maayos na pagtrato mula sa kumpanya dahil ginamit ko ang taunang bayad na bakasyon.
 - Maaari kang kumonsulta sa konsultasyon sa sariling wika at mag-file ng report.
 - Para sa karagdagang detalye, tunghayan ang handbook ng teknikal intern trainee.



Gamitin natin ang taunang bayad na bakasyon upang maipahinga ang katawan at kaisipan, para sa maayos na pagsasanay.